# Balitang Manmin

BILANG 137 AGOSTO 2, 2015

# Pinatunayan ng mga Tanda ang Salita!

## Seminar para sa mga Pastor at Krusadang may Panyo Idinaos sa Russia at Finland



Noong Hunyo, Namuno si Rev. Soojin Lee (litrato 1) sa Seminar para sa mga Pastor at sa Krusadang may Panyo sa Russia at sa Finland. Litrato 1-5: Nakinig ang mga pastor at mga mananampalataya sa Salita ng Diyos, naranasan nila ang makapangyarihang pagkilos Niya, at nanariwa ang pag-ibig Niya sa buhay nila. Litrato 6-7: Mga grupo ng tagapagtanghal ng Manmin at mga nagpatotoo sa krusadang may panyo. Litrato 8-9: Ang pagpupulong sa Blessing Church sa Finland at ang Pagdiriwang at Papuri.

Inanyayahan si Rev. Soojin Lee, Presidente ng Samahan ng mga Pastor, ng mga mananampalataya at mga pastor sa Finalnd at Russia. Nagdaos siya ng krusadang may panyo at seminar para sa mga pastor doon. Noong Hunyo 23, 2015, bumalik siya pagkatapos ng 13 araw na pagmimisyon.

Noong Hunyo 19, naghatid siya ng mensahe sa seminar para sa mga pastor na idinaos sa St. Petersburg Manmin Church, Russia (Pastor Bladimir Osipov, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ, Russia). Dinaluhan ang seminar ng maraming pastor mula pa sa Estonia, Belarus, at ilan pang malalayong lugar sa Russia. Inasahan nila ang mga pagpapala. May mga sumakay sa tren at nagbiyahe ng 48 oras para makadalo.

Ang Diyos ay pinapurihan sa wikang Ruso ng Lider ng Papuri na si Rose Han, Bise Presidente ng Komite ng Sining. Sinayawan naman ng Power Worship Dance Team ang mga awiting Russian. Napakaganda ng pagtatanghal nila. Ginamit ni Rev. Lee sa mensahe niya ang pangunahing sermon ni Dr. Jaerock Lee na "The Message of the Cross." Ipinaliwanag niya ang dahilan kung bakit inilagay ng Diyos ang puno ng pagkakilala ng mabuti at masama; ang kalooban ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan, at ang mga katangian ng Tagapagligtas. Tumanggap ng maraming pagpapala ang mga dumalo. Sinabi ng isa sa kanila, "Narinig ko na ang ebanghelyo ng kabanalan na itinuturo ni Dr. Lee pero sa seminar na ito, natutuhan ko kung paano ko gagamitin ito sa buhay ko, ito ang diwa ng ebanghelyo ng kabanalan."

Dumalo d in si Pastor Maksim Tomassov, Presidente ng TBN Baltia sa Estonia. Ayon sa kanya, tumanggap siya ng mga biyaya mula sa Diyos mula ng suportahan niya ang krusada ni Dr. Jaerock Lee sa Estonia noong taong 2010. Sinabi niya na gustung-gustong panoorin ng mga tao ang mga sermon ni Dr. Lee na ipinapalabas nila sa GCN.

Noong Hunyo 20, namuno si Rev. Lee sa isang krusadang gamit ang panyong nagpapagaling, idinaos ito sa Theatre Colosseum sa sentro ng St. Petersburg (Ang Mga Gawa 19:11-12). Naghandog ng mga awiting papuri ang grupo ng mga mang-aawit dito, puspos sila ng Espiritu, pagkatapos, inihatid ni Pastor Dmitri Polyakov ang mensahe ng masayang pagtanggap sa mga dumalo. Si Pastor Dmitri Polyakov ang nagsalin ng mensahe ni Dr. Lee sa wikang Ruso noong isinagawang krusada ng pagkakaisa sa Russia noong taong 2003. Ipinalabas ang DVD na "Power of God", nagpuri at nagsipagsayaw ang mga tagapagtanghal ng Manmin. Napuspos ng pagpapala at apoy ng Banal na Espiritu ang mga dumalo.

Pagkatapos, naghatid ng mensahe tungkol sa espirituwal na pananampalataya at makalaman na pananampalataya si Rev. Lee. Idinalangin din niya ang mga maysakit gamit ang makapangyarih ang panyo, maraming taong gumaling. Malapit nang mabulag ang isang 88 taong gulang na babae, parang may makapal na hamog na nakatakip sa mga mata niya. Pero pagkatapos ng panalangin ni Rev. Lee, lumiwanag ang paningin niya, nakikilala na niya ang mga tao. Maligaya siya habang nagpapatotoo tungkol sa paggaling niya.

Nakakilos ng normal ang isang lalaking paralisado ang kaliwang bahagi ng katawan, nakapaglakad naman ang isa pa, hindi na niya kailangang gumamit ng saklay. Maraming taong nagpatotoo tungkol sa paggaling mula sa rayuma, pananakit ng likod, AIDS, at iba pang mga karamdaman.

Noong Hunyo 13, bago maganap ang seminar at krusada sa Russia, bumisita muna sa Finland ang grupo ng misyon at si Rev. Lee. Nagdaos sila ng Pagdiriwang at Papuri at Krusadang may Panyo. Nagtanghal ang lokal na grupo ng papuri kasama ang mga tagapagtanghal ng Manmin. Pagkatapos, inihatid ni Rev. Lee ang mensaheng "Why Is Jesus Our Only Savior?" Idinalangin niya ang mga may karamdaman pagkatapos ng mensahe. Umasa sa tulong ng tungkod ang isang lalaki para makapaglakad, paralisado ang mga kasu-kasuan niya, nakapaglakad siya nang walang tungkod. Nakapaglakad din ang iba pang nahihirapang maglakad, hindi na nila kailangan ng saklay. Gumaling ang mga nakausling buto sa gulugod, mga rayuma, at allergies.

Noong Hunyo 14, namuno sa mga pagpupulong si Rev. Lee sa Blessing Church sa Finland at sa Bread of Life Church sa Gatchina, Russia. Dahil sa mga pagpupulong na ito, nagalak at napuspos ang mga miyembro ng iglesya.

Naipangaral ang kapangyarihan ng Diyos at ni Jesu-Cristo at napatunayan ang Salita (Marcos 16:20). Ibigay natin ang lahat ng luwalhati sa Diyos.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Huminto ang Araw at ang Buwan

"Nang magkagayo'y nagsalita si Josue sa PANGINOON nang araw na ibinigay ng PANGINOON ang mga Amoreo sa harapan ng mga anak ni Israel; at kanyang sinabi sa paningin ng Israel, 'Araw, tumigil ka sa Gibeon; at ikaw, Buwan, sa libis ng Aijalon.' At ang araw ay tumigil at ang buwan ay huminto, hanggang sa ang bansa ay makapaghiganti sa kanyang mga kaaway. Hindi ba ito'y nakasulat sa aklat ni Jaser? Ang araw ay tumigil sa gitna ng langit, at hindi nagmadaling lumubog sa isang buong araw. At hindi nagkaroon ng araw na gaya niyon bago noon o pagkatapos noon, na ang PANGINOON ay nakinig sa tinig ng isang tao; sapagkat ipinakipaglaban ng PANGINOON ang Israel." (Josue 10:12-14)

•••

Para tuparin ang gawain ng Diyos, mahalagang sundin ang kalooban Niya. Mababasa sa 1 Mga Taga-Tesalonica 4:3, "Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos, ang inyong pagpapakabanal."

Kung hindi kayo nagpapakabanal at sa halip ay nakikibahagi lang sa gawain ng Diyos, hindi ito lubos na makakapagbigay ng lugod sa Kanya; ito ay parang sisidlan na walang laman. Pero kung dadalisayin ninyo ang puso ninyo at susundin ang kalooban ng Diyos, magbubunga kayo ng masagana, magbibigay ito ng malaking kaluwalhatian sa Kanya.

Pag-aralan natin kung paano mababatid ang kalooban ng Diyos ayon sa nangyari sa mga mamamayan ng Gibeon, at kung anong kapangyarihan ang ipapakita ng Diyos kapag susundin natin ang kalooban Niya.

### 1. Pagsisinungaling ng mga mamamayan ng Gibeon tungkol sa kasunduan para sa kapayapaan

Sa ikasiyam na kabanata ng Aklat ni Josue, nasakop ng mga Israelita ang lunsod ng Ai, binasa ang kautusan ng Diyos sa Bundok ng Ebal at Gerizim, at nag-kampo sa Gilgal. Pinaghahandaan nila ang susunod na labanan.

Isang araw may ilang hindi kilalang taong pumunta sa kampo ng Israel para magtatag ng kasunduan tungkol sa kapayapaan. Naging maingat ang mga Israelita sa pakikiharap sa kanila, marami silang itinanong sa mga ito. Sinabi ng mga ito na nagmula sila sa malayong bansa at ang pakay nila ay magkaroon ng kasunduan para sa kapayapaan. Nabalitaan nila ang katanyagan ng PANGINOONG Diyos, kung ano ang ginawa Niya sa Ehipto at kung paano Niya tinulungan ang mga Israelita sa pagsakop ng ilang mga lunsod sa Canaan.

Sa katunayan, iniutos ng Diyos sa mga mamamayan ng Israel na huwag makipagkasundo sa mga mamamayan ng Canaan dahil baka mabahiran sila ng kasalanan na laganap dito (Exodo 34:15). Pero kung may mga taong naninirahan malayo sa Canaan na gustong magkaroon ng kasunduan sa mga Israelita para sa kapayapaan at paglilingkod, sinabi ng Diyos na maaaring makipagkasundo sa mga ito.

Dumating ang mga taong ito para kausapin si Josue. Sinabi nila na nagmula sila sa malayong lugar, ang tinapay na baon nila ay tuyo at inaamag na, at ang damit, sandalyas, at lalagyan ng alak nila ay luma na. Kaya, nakipagkasundo si Josue sa kanila, hindi niya tinanong ang Diyos at hindi niya sinuri at inusisang mabuti ang situwasyon (Josue 9:14-15).

Pero, ito ay napakalaking pagkakamali; hindi sila nagmula sa malayong lugar, sila ay mga Heveo, isa sa pitong tribo ng Canaan. Naninirahan sila sa Gibeon. Malapit lang sa kampo ng mga Israelita sa Gilgal ang Gibeon. Ang tuyo at inaamag na tinapay at lumang mga damit ay kasama sa pandaraya. Hindi agad nalaman ng mga lider ng Israel ang kasinungalingan nila.

Pagkalipas ng tatlong araw, nalaman ng mga Israelita ang katotohanan. Ang mga taong ito ay mga Heveo na naninirahan sa Gibeon. Dahil sa kasunduan, dapat nilang ibigay sa mga Heveo ang lugar na ito na sasakupin sana nila. Hindi na nila pwedeng baguhin ang napagkasunduan dahil sumumpa sila sa harapan ng Diyos.

Dahil sumumpa sila sa harapan ng Diyos, hinayaan nilang mabuhay ang mga ito. Pinagtrabaho sila ni Josue, 'tagaputol ng kahoy' at 'tagasalok ng tubig', para sa kongregasyon at para sa dambana ng PANGINOON (Josue 9:23).

### 2. Mga aral na dapat matutuhan mula sa pangyayari sa Gibeon

#### 1) Alamin natin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng oras at pagkakataon

Kahit hindi nila sinasadya, nilabag ng Israel ang utos na Diyos na 'huwag makipagkasundo sa mga mamamayan ng Canaan' dahil pumayag sila sa kasunduan para sa kapayapaan sa mga mamamayan ng Gibeon. Kung hiniling nila ang payo ng Diyos, hindi sana sila nagkamali.

Sa buhay natin, makakakilala tayo ng mga taong magtatangkang mandaya sa atin sa negosyo o sa kasunduan sa kontrata. May mga taong nadadaya ng masasamang tao, pinaniniwalaan nila ang mga taong tulad nito.

Kaya ang mahalaga ay mabatid ang kalooban ng Diyos, hingin ang payo Niya sa maalab na pananalangin. Kung puro kabutihan ang laman ng puso natin at walang kasakiman, tatanggapin natin ang gabay ng Banal na Espiritu. Sa ganitong paraan, makakamit natin ang karunungan mula sa Diyos. Kahit subukan tayong dayain ng isang tao, tutulungan tayo ng Banal na Espiritu para malaman ito at tuturuan tayo kung paano natin iiwasan ito.

#### 2) Dapat nating malaman na mahalaga ang mga salita natin

Dahil sa naganap sa Gibeon, dumaan ang Israel sa isang kapahamakan ilang daang taon ang lumipas pagkatapos nilang makipagkasundo sa mga ito. Nagkaroon ng taggutom na tumagal sa loob ng tatlong taon, kaya idinalangin ito ni David.

Nagkaroon ng taggutom sa buong Israel dahil sinubukan ng unang hari ng Israel na si Saul na lipulin ang mga mamamayan ng Gibeon. Sinabi ng Diyos na dahil dito nilabag ng Israel ang kasunduang ginawa ni Josue sa kanila.

Nagwakas lang ang taggutom ng pumatay sila ng pitong inapo ni Saul ayon sa kahilingan ng mga mamamayan ng Gibeon (2 Samuel 21:1-14). Mababatid natin dito na may pananagutan tayo sa mga sinasabi at ipinapangako natin sa harapan ng Diyos.

Sa Mga Hukom kabanata 11, may isa pang taong nagdala ng matinding paghihirap sa sarili dahil sa mga sinabi niya. Ito ay si Jefta. Nang lalabanan niya ang mga anak ni Ammon, ipinangako niya sa Diyos na ibibigay niya bilang handog na susunugin ang unang taong sasalubong sa kanya kapag umuwi siyang matagumpay.

Nang umuwi siya pagkatapos ng matagumpay na labanan, sinalubong siya ng nag-iisang anak niyang babae. Sumasayaw pa ito na may tamburin. Naging padalus-dalos si Jefta sa pangako niyang magsakripisyo ng buhay ng tao para lang makuha ang kagustuhan niya. Dahil dito, kinailangan niyang ibigay ang nag-iisang anak niyang babae bilang handog na susunugin. Kung hindi niya sinunod ang ipinangako niyang pagbibigay ng handog na susunugin, mahaharap pa siya sa mas matinding pagdurusa at mahihirap na situwasyon. Hindi lang siya mawawalan ng anak na babae, aakusahan pa siya ni Satanas.

Napakalaki ng kapangyarihan ng salita; nasa kapangyarihan ng dila kahit ang buhay at kamatayan. Maging maingat tayo sa pagsasalita, mula sa katotohanan at kabutihan lang ang sabihin natin.

### 3. Ang himala ng pagtigil ng araw at buwan

Isang malaking lunsod ang Gibeon at lahat ng kalalakihan dito ay matatapang at malalakas. Ang lunsod na ito ang nakipagkasundo sa Israel para sa kapayapaan para mabuhay. Ikinagulat ito ng ibang mamamayan sa Canaan, natakot sila. Mas mapapabilis ang paglusob ng hukbo ng Israel dahil walang kalaban sa lugar ng Gibeon. At dahil traidor ang Gibeon sa paningin ng limang hari ng Amoreo na naninirahan sa paligid ng Gibeon, bumuo sila ng samahan, nilusob nila ang Gibeon. Hiniling ng Gibeon ang tulong ng Israel dahil hindi nila kayang labanan ang magkakaanib na pwersa.

Nang humiling ng tulong ang Gibeon, sinabi ng Diyos na kasama Niya ang Israel. Kaya, kumilos sila magdamag at nagsagawa ng biglaang paglusob laban sa mga hari ng Amoreo. Hindi nakalaban ang mga hukbo ng Amoreo, natalo sila. Nagsitakas sila ngunit tinugis sila ng mga Israelita.

Habang tumatakas ang mga Amoreo mula sa Gibeon, at ng pababa na sila sa Bet-horon, umulan ng malalaking bato mula sa langit at sila'y nangamatay. Sinasabi sa Josue 10:11, "… Higit na marami ang namatay sa pamamagitan ng mga batong granizo kaysa pinatay ng mga anak ni Israel sa pamamagitan ng tabak."

Totoong kamangha-mangha ang pangyayaring ito, pero hindi pwedeng manood na lang sa isang tabi ang mga Israelita. Kailangan pa rin nilang tugisin ang mga natitirang pwersa ng kalaban. Kapag gumabi na, madali na para sa mga itong magtago, kaya dapat na nilang tapusin ang labanan habang may araw pa. malapit nang gumabi, nakikita na nila ang buwan sa silangan. Nang sandaling iyon, nagpakita si Josue ng malaking pananampalataya para tuparin ang utos ng Diyos. Sinabi niya, "Araw, tumigil ka sa Gibeon, at ikaw, Buwan, sa libis ng Aijalon."

Habang umaasa sa Diyos na may kapangyarihan sa lahat ng bagay, inutusan ni Josue ang araw at ang buwan na huminto. At tinupad ng Diyos ang sinabi nito (Josue 10:13). Sa simpleng kaalaman ng tao, imposibleng tumigil ang araw at ang buwan, pero walang imposible sa kapangyarihan ng Diyos na Pinakamakapangyarihan.

Habang nakahinto ang araw, madaling natalo ni Josue at ng Israel ang limang hari ng Amoreo. Nasakop nila ang katimugang bahagi ng Canaan (Josue 10:41-42).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, nadaya at nagkamali si Josue nang gamitin niya ang sariling saloobin at sundin ang sariling teorya. Pero nang hilingin niya ang payo at sundin ang kalooban ng Diyos, nakagawa siya ng kamangha-manghang bagay, napatigil niya ang araw at ang buwan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pinakamakapangyarihang Diyos lang kayo umasa, batirin ninyo ang kalooban Niya, gawin ninyo ang lahat ng bagay nang may pananampalataya, nang sa gayon, mapatnubayan Niya kayo sa kasagahanahan sa bawat sandali.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Gawain ng Kaluluwang nasa Katotohanan

Natatandaan ng tao ang mga bagay na nakita, narinig, at natutuhan niya, naaalala niya lahat ng ito dahil mayroon siyang kaluluwa. Ang mga anak ng Diyos ay dapat kumilos ayon sa katotohanan. Ito ay paraan para maging espirituwal sila. Anong mga dapat nating gawin para hubugin ang kaluluwa sa katotohanan?

## Una
### gawing pamantayan ang katotohanan sa pagbatid ng lahat ng bagay

Nagkakaroon ng magkakaibang kultura, mga bagay na pinapahalagahan, at iba-ibang pananaw ang bawat tao dahil natututo sila sa iba't ibang paraan at lumalaki sa magkakaibang kapaligiran. Ayon sa konsiyensya nila, maaaring tama ang isang bagay para sa isang tao pero mali naman ito para sa iba. Ang sukatan ng pagiging banal sa mundong ito ay magkakaiba ayon sa panahon, lugar, at kultura.

Ano ang totoong pamantayan para mabatid kung ano ang tama at mali?

Dapat maging masigasig sa pag-aaral at pakikinig ng Salita ng Diyos ang mga nananampalataya sa Kanya. Kilalanin niya ang lahat ng bagay ayon sa katotohanan, gawin niya itong pagkain ng espiritu. Basahin natin ang Biblia at iwaksi ang mga maling pamantayan na natutuhan natin dito sa mundo. May mga bagay na ipinapalagay ng mga taong totoo, sinasangayunan ito ng Biblia, pero karamihan sa mga ito ay laban sa Biblia.

Halimbawa, iniisip ng mga tao sa mundo na tamang gumanti sa mga kaaway, pero sinasabi ng Salita ng Diyos na mahalin natin ang ating mga kaaway. May mga magulang na pinagsisinungaling ang mga anak nila kung ayaw nilang humarap sa ibang tao. May mga gumagamit ng mga bagay na hindi kanila, o kaya, hindi ibinabalik ang mga bagay na hiniram nila. May mga gumagamit ng mga bagay na hindi humihingi ng pahintulot. Hindi nila iniisip ang kahalagahan ng paghingi ng pahintulot. Ayon sa Salita ng Diyos, pagnanakaw at pagsisinungaling ito.

Habang pasama ng pasama ang bawat henerasyon, hinahanap ng mga tao ang mga bagay na magbibigay sa kanila ng pansariling pakinabang. Kumikilos sila ayon sa kasinungalingan, pero hindi na nila ito napapansin. Ito'y sapagkat sariling pamantayan nila ang ginagamit nila sa paghusga at paghatol ng ibang tao.

## Pangalawa
### dapat nating pakiramdaman ang lahat ng bagay ayon sa katotohanan

Para pakilusin ang kaluluwa ayon sa katotohanan, pakiramdaman natin ang lahat ng bagay ayon sa katotohanan. Depende sa damdamin natin noon ang damdamin natin ngayon.

Halimbawa, ganitong mag-isip ang isang taong may kaluluwang nasa kasinungalingan: kapag may nakita silang isang taong maagap kumilos, iisipin nila, 'Nagyayabang ang taong ito.' Hindi sila mapalagay. Sa kabaliktaran, iisipin ng isang taong may kaluluwang nasa katotohanan, 'Napakasipag ng taong ito para sa kaharian ng Diyos. Nakakatuwa siya.'

Kaya dapat, kapag makikipag-usap at magtatrabaho tayo kasama ng ibang tao, mag-isip at makiramdam sa mabuting paraan. Kapag may nakilala tayong mga taong may ibang personalidad at kultura, hindi tayo mapapalagay sa loob ng mahabang panahon kung iisipin nating, 'Hindi ko sila gusto.' Pero kung iisipin natin ang kalagayan nila, uunawain, at magiging mabuti sa kanila, magiging maayos ang pakikitungo natin sa kanila.

Ibig sabihin, mag-isip at makiramdam ayon kabutihan sa lahat ng oras. Para mangyari ito, dapat nating palaging tingnan, pakinggan, at puspusin ng kabutihan ang kalooban natin.

Siyempre, hindi natin basta mailalayo ang sarili sa kasamaan dahil kinalakihan natin ito. Pero sikapin nating huwag tumingin, makinig, at maglagay ng masasamang bagay sa isipan natin para manatili tayo sa katotohanan. Kung hindi ninyo magawang umiwas dito, tanggapin ninyo ito ayon sa kabutihan.

Ipagpalagay nating may pinanood kayong bayolenteng tagpo sa isang pelikula. May mga magsasabing, 'Ang ganda ng pagkakagawa nito.' Pero kung mag-iisip kayo ayon sa katotohanan, iisipin ninyo, 'Nakakasakit ng ibang tao ang karahasan. Dapat tayong maging maingat.' Kung mayroon ng kasinungalingan sa puso ninyo, pagsikapan ninyong mapalitan ito ng katotohanan, at tanggalin ninyo ito sa isipan ninyo.

## Pangatlo
### ilagay ang sarili sa kalagayan ng ibang tao sa bawat pagkakataon

Kung tatanggapin ninyo ang isang situwasyon ayon sa sarili ninyong pananaw at personal na karanasan at saloobin, gawain ito ng kaluluwang hindi tama sa paningin ng Diyos. Baka dagdagan o bawasan ninyo ayon sa sariling saloobin at pananaw ang mga sinasabi ng ibang tao. Baka maging dahilan ito ng panghuhusga, paghatol, hindi pagkakaunawaan, at samaan ng loob.

Ipagpalagay nating may isang taong nagsabi sa inyo, "Nagpunta ako sa Mt. Kumgang. Napakaganda nito, nakakaiyak ang kagandahan." May mga mag-iisip, 'Naiiyak na siya nakakita lang ng bundok? Grabe naman siya!' Pwedeng ganito sila kung mag-isip dahil hindi pa sila nakakakita ng tanawawing kasinganda ng nakita ng taong iyon.

Sabihin nating umuwi ng atrasado ang isang lalaki mula sa trabaho. Malupit siya, hindi niya sinasagot ang mga tanong ng asawa niya. Hindi mapalagay ang asawang babae, iisipin nito, 'Paano niya nagagawa sa akin ito?' Gayon pa man, iniisip ng babae ang kalagayan ng lalaki, 'Baka pagod lang siya. Nahirapan siya marahil sa trabaho.' Nauunawaan niya ang lalaki, pwede niyang pagpahingahin muna ito. Sa kabilang banda, kung iisipin ng asawang lalaki ang babae na naghintay sa kanya hanggang hatinggabi, hindi ito mapapalagay. Kung mag-iisip sila ayon sa katotohanan at kung lulugar sila sa kalagayan ng isa't isa, mapapanatili ang kapayapaan.

Kapag nalaman natin ang mga pagkukulang ng ibang tao, huwag natin silang husgahan at isiping, 'Bakit ba palaging ganito ang ginagawa ng taong ito?' Sa halip, unawain natin siya, isiping, 'Mayroong malaking dahilan kung bakit ganito siya.' Kahit kawalan natin ito, isipin natin ang kalagayan niya, unawain natin siya at idalangin siya. Kung papatawarin natin ang ibang tao sa mga pagkukulang nila, at kakaawaan sila, pwede tayong maging mapayapa sa lahat ng tao.

Siyempre, hindi ito nangangahulugang pagtatakpan natin ang mga kasalanan niya ng walang kondisyon at sasabihing mabuti ang mga taong gumagawa ng kasalanan. Ang ibig sabihin nito ay huwag tayong mapoot sa kanila ni talikuran sila dahil sa masamang ginagawa nila. Kapag pinagsasabihan natin sila tungkol sa mga pagkukulang nila, ipaliwanag natin kung bakit natin ginagawa ito para makita nila ang maling ginagawa nila. Dapat mayroon tayong tunay na pagmamahal at umasa tayo na magiging mabuti ang lahat ng bagay para sa kaluluwa nila.

Kung minsan, mahihirapan tayong pakilusin ang kaluluwang nasa katotohanan. Suriin natin ang saloobin, damdamin, pananalita, at gawain natin. Sikaping mag-isip ayon sa katotohanan. Bukod dito, tanggapin natin ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng maalab na pananalangin.

# "Iningatan Kami Habang Lumilindol sa Nepal noong Abril 2015!"

Noong Abril 25, 2015, nagkaroon ng napakalakas na lindol sa Nepal. Ang lakas nito ay 7.8, at sinundan pa ito ng marami pang pagyanig ng lupa. Pinakamalala ito sa mga nangyaring kapahamakan na dala ng kalikasan na tumama sa Nepal magmula noong taong 1934. Marami ang namatay at nawalan ng mga ari-arian. Ang Manmin Mission Center sa Nepal ay nasa Lalitpur. Nasa delikadong lugar ito dahil maraming tao dito. Gayon pa man, naging ligtas ang 196 na sangay at katuwang na mga iglesya, pati na ang sentro.



Noong Abril 25, 2015, ika-11:56 ng umaga, Sabado, nasa iglesya kami dahil sumasamba kami sa araw ng Sabado. Pababa ng hagdanan ang mga miyembro ng iglesya para kumain pagkatapos ng pagsamba sa umaga.

Bago mag-ika 12:00 ng hapon, lumindol sa lugar, may lakas itong 7.8 at tumagal ito ng mahigit sa isang oras. Lumabas sa kalye ang karamihan sa mga miyembro. Pinalakas ko ang loob ng mga miyembrong nasa pangatlong palapag, umakyat ako sa pang-apat na palapag kung saan naroon ang opisina. Inaayos ng mga lider ng iglesya ang mga nagbagsakang gamit, hinanap nila ang mga maaaring gamitin ng mga miyembro.

Pero mas lumakas pa ang lindol, kaya tinanggap ko at ng mga lider ng iglesya ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System. Lubos kong pinagsisihan na hindi ako mapalagay sa ibang mga miyembro ng iglesya, at sinisisi ko pa ang ilang mga lider kahit ako ang pastor. Noong sandaling iyon, naisip ko na baka huling sandali na ito ng buhay ko. Pero naisip ko rin ang mga miyembro ko, hindi ko kakayanin kung masasaktan sila o magkakaproblema.

Nabalitaan ko na pinanood ng mga miyembrong lumabas sa kalye ang pag-uga ng iglesya. Ang gusali namin ay makitid at mas mataas kaysa sa ibang mga gusali. Sumusuray-suray ito, parang nasa sasakyan. Mukhang mapanganib ang kalagayan nito. Nag-iyakan at nanalangin sila.

Pagsapit ng ika-1:00 ng hapon, nagdaos kami ng pulong panalangin sa halip na pagsamba na nakatakdang gawin sa ika-2:00 ng hapon. Inisip ko ang mga bagay na dapat kong pagsisihan sa harapan ng Diyos, nagsisi ako at ang mga miyembro ng iglesya. Pagkatapos ng pulong panalangin, pinauwi ko na ang mga ninenerbiyos na mga miyembro, nanalangin ako sa cafeteria sa halamanan ng gusali kasama ang mga miyembrong gustong manatili sa iglesya. Pagdating ng ika-5:45 ng hapon, nagsimula na ang pulong panalanging Daniel, pumasok na kami sa gusali. Sinabayan namin ang pulong panalangin na idinadaos sa Manmin Central Church sa Seoul sa pamamagitan ng GCN.



Pastor Grace Lee, 41 taong gulang, Manmin Mission Center, Nepal

Kinabukasan na natapos ang espesyal na pulong panalanging Daniel, araw ng Linggo. Tinanggap namin ang pagbasbas ng Punong Pastor. Idinalangin niyang lahat ng nasa Mission Center sa Nepal. Sa katunayan, sinabing may darating na mas malakas na lindol, may lakas na 9-12, sa buong Nepal, at uulan ng malakas. Sinabi rin na magkakaroon ng pagguho ng lupa. Walang nakakatiyak kung may mabubuhay pa.

Gayon pa man, tinanggap namin ang panalangin ng Punong Pastor. Walang nakitang sira sa mga bahay nila ang mga miyembro ng iglesya, hindi rin sila pinagnakawan. Naprotektahan ang mga bahay nila at ang mga bahay ng mga kamag-anak nila sa ibang lugar, kahit ang mga katabi at kaharap na bahay ay nagiba. Iningatan ng Diyos ang 196 sangay at katuwang na iglesya.

Winasak ng lindol sa Nepal noong Abril 2015 ang maraming lugar kung saan may mga sumasamba sa mga diyus-disyosan tulad ng mga templo ng Hindu at Buddhist. Pero naging ganap ang pag-iingat sa mga miyembro ng Manmin. Kamangha-mangha ito, damang-dama ko ang dakila at malalim na pag-ibig ng Diyos na gustong magligtas ng mga kaluluwa sa Nepal.

Sa kapahamakang ito, nakita ko ang hindi mabilang na mamamayan ng Nepal na nakaranas ng malupit na kamatayan. Hindi nila nakilala ang Diyos at sumamba sila sa mga diyus-diyosan. Naaawa ako sa kanila. Nagdesisyon ako na maging espiritwal na mandirigma na nangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at kapangyarihan ng Diyos sa Nepal. Mas magiging masigasig ako sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Hellelujah!



## "Walang Nasira sa Bahay Ko"

Susmita Silwal, 34 taong gulang

May lawa sa harapan ng bahay ko, at sa gitna nito ay may lumang templo ng Hindu. Nakikita ito kapag nakabukas ang bintana ko. Pag-uwi ko mula sa pulong panalanging Daniel, nakalubog na sa lawa ang templo, sinira ito ng lindol. Gayon pa man, walang nasira sa bahay ko, kahit ang mga bote at mangkok na nasa bariles. Kamangha-mangha!



## "Naglaho ang Templo ng Hindu, pero Hindi Nasira ang Lugar ng Trabaho Ko"

Sanjaya Sakya, 26 taong gulang

Nagtatrabaho ako sa isang tindahan ng mga tela, ding-ding lang ang pagitan ng tindahan at ng templo ng Hindu. Maraming templo ng Hindu sa lugar na ito. Nilindol ang templong malapit sa tindahan, nawasak ito. Gayon pa man, nanatiling ligtas ang lugar ng trabaho ko. Pinaranas sa akin ng Diyos ang kapangyarihan ng pastol. Pinupuri ko ang Diyos. Hallelujah!



## "Hindi Nasira ng Lindol ang Bahay ng Biyenan Kong Gawa sa Luwad"

Abigail Tamang, 37 taong gulang

Malapit ng mamatay ang biyenan ko dahil uminom siya ng nakakalasong pestisidyo. Nabuhay siya pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee. Naninirahan siya sa isang lumang bahay na gawa sa luwad. Nang lumindol, nag-iisa lang siya sa bahay niya. Habang nagigiba ang lahat ng mga bahay sa tabi ng bahay niya, ang biyenan ko at ang bahay niyang may litrato ng punong pastor ay nanatiling ligtas.


### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City, Cebu,
Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714